Australian Government
Department of Home Affairs

# Pagpapalakas ng batas upang harapin ang pagsasamantala ng migranteng manggagawa

## Buod

Pinalalakas ng Gobyerno ng Australya ang batas upang tugunan ang pagsasamantala sa migranteng manggagawa. Ang mga repormang ipinasa ng Parlamento ay bahagi ng isang mas malawak na pakete ng mga reporma upang pag-igihin ang pagtupad ng employer at mga pananggalang ng empleyado.

Magsisimula ang mga bagong batas sa 1 Hulyo 2024 at ilalapat sa mga direktang employer, at ibang nasa tanikala ng paggawa, tulad ng mga kompanyang umuupa ng manggagawa. Ang mga panukala sa ilalim ng Strengthening Employer Compliance Act ay:

- magpapalakas sa mga batas upang protektahan ang mga pansamantalang migrante laban sa pagsasamantala ng manggagawa
- pag-igihin ang pagtupad ng employer gamit ang pagpigil (deterrence) at pagremedyo (remediation)
- tutulong na masigurong ang mga employer na masunurin sa batas ay hindi nadadaig ng mga hindi tapat na mga katunggali.

## Mga panukala

Ang mga susing panukalang nasa ilalim ng mga pagbabago sa batas sa migrasyon ay:

- mga bagong paglabag na kriminal at mga multa dahil sa paggamit ng kalagayan sa migrasyon ng isang tao para pagsamantalahan siya sa lugar ng trabaho. Ang mga paglabag na ito ay may mga parusang kriminal na 2 taong pagkakulong at/o 360 penalty units (sa kasalukuyan ay $118,800), o isang parusang sibil na may 240 penalty units (sa kasalukuyan ay $79,200).
- isang bagong panukalang pagbabawal - ang mga employer na gumagawa ng seryoso, sinasadya o paulit-ulit na pagsasamantala ng mga pansamantalang migranteng manggagawa ay pagbabawalang mag-empleyo ng karagdagang migranteng manggagawa sa isang itinakdang panahon depende sa uri at tindi ng paglabag. Ang mga pinagbawalang employer ay ililista sa Australian Border Force website at sasailalim sa karagdagang pagre-report pagkatapos ng panahon ng pagbabawal. Maaari kang humarap sa pag-uusig kung lumabag ka sa pagbabawal, halimbawa, sa pamamagitan ng pag-upa ng higit pang mga temporary visa holder sa panahon ng pagbabawal.
- mga bagong tool - mga abiso sa pagtupad at isang kakayahang magsagawa ng mga maipapatupad na pangako (undertakings) ay makakatulong sa mga employer na maintindihan at magawa ang kanilang mga obligasyon nang walang kaparusahan (kung saan naaangkop).
- mas mabuting mga proteksyon para sa mga pansamantalang migranteng manggagawa upang himukin na mag-report.

## Mga responsibilidad ng mga employer

Responsibilidad ng mga employer na tiyaking ang mga temporary visa holder ay may-hawak na tunay na visa at hindi nilalabag ang mga kondisyon sa pagtatrabaho sa kanilang visa. Suriin ang mga kondisyon ng visa ng mga manggagawa sa Visa Entitlement Verification Online.

Dapat silang sumunod sa lahat ng mga batas sa lugar ng trabaho kabilang ang minimum pay rates, superannuation rules at health and safety conditions.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Mga karapatan ng migranteng manggagawa | Mga bagong batas laban sa pagsasamantala ng migranteng manggagawa | Visa Entitlement Verification Online | Fair Work Ombudsman |